DIKLAP
PAHAYAGAN NG PARTIDO KOMUNISTA NG PILIPINAS
SOUTH QUEZON - BONDOC PENINSULA
ISYU BILANG 14
ENERO-ABRIL 2019

# Singilin at Pagbayarin ang Rehimeng US-Duterte sa Kapabayaan nito sa Panahon ng Tagtuyot!

*Damang-dama sa malawak na kanayunan ng lalawigan ng Quezon ang epekto ng tagtuyot na dinaranas sa buong bansa. Nagdudulot ito ng pagkatuyo ng mga bukal, sapa at ilog na nagreresulta sa krisis sa inuming tubig ng mamamayan at pagkasira ng mga pananim. Maging ang mga alagang hayop ng magsasaka ay nagkakasakit dahil sa tindi ng init at tagtuyot.*

*Nagbabanta ito ng taggutom at lalo pang kahirapan sa uring magsasaka at lahat ng maralita sa kanayunan ng lalawigan. Ang banta ng taggutom ay higit na pinabibilis ng nagpapatuloy na pagbagsak ng presyo ng kopra. Bago natapos ang buwan ng Marso, nasa Php13 na lamang bawat kilo ng kopra at napabalitang bumaba na ito sa Php11 kada kilo ngayong buwan ng Abril.*

*Sa pinakahuling pag-aaral na isinagawa sa isang larangan sa South Quezon, kumikita na lamang ng P16.28 kada araw ang mga maglulukad sa kasalukuyang presyo na Php13 kada kilo. Kapag tinayâ pa ang maaring epekto ng El Niño sa produksyon ng niyog, lalagapak na sa Php9.30 kada araw ang kailangan nilang pagkakasyahin para mabuhay! Walang sinuman ang mabubuhay nang maayos sa ganitong kalagayan.*

*Katunayan, kahit mismo sa pag-aaral ng Philippine Statistics Authority, ang isang pamilyang may limang miyembro ay kailangang kumita ng Php10,481 kada buwan. Ibig sabihin ay Php346 kada araw. Napakalayo nito sa kinikita ng mga maglulukad sa panahong ito ng tagtuyot at bagsak na presyo ng kopra at buong niyog.*

*Ayon sa PCA o Philippine Coconut Authority, noong 2012, umaabot sa 391,196 ektaryang lupain ang natataniman ng niyog sa lalawigan ng Quezon. Habang 203,356 pamilyang magsasaka ang nakaasa rito.*

*Sa ginawang pagkukwenta, sa panahon ng tagtuyot ay aabot sa halos isang bilyong piso (Php953 milyon) ang mawawalang kita sa buong niyugan ng lalawigan habang Php245.7 milyon naman ang mawawalang kita ng mga pamilyang magniniyog sa Quezon sa susunod na paglulukad (cropping season), o hanggang buwan ng Hunyo.*

*Madali nang mahinuha kung gaano kalaking kita ang mawawala sa 3.5 milyong magniniyog sa buong bansa sa panahong ito.*

**Ronda Gerilya:**
Misencounter ng 85th IB, isa ang patay
*(sundan sa pahina 3 )*

**Opinyon:**
'Wag sumumpong sa kampo! 'Wag makipag-usap sa sundalo!
*(sundan sa pahina 4 )*

**Balita:**
Mga pagdiriwang ng ika-50 taon ng NPA sa Quezon
*(sundan sa pahina 10)*

**Singilin at Pagbayarin…** mula sa p.1

May malaking pananagutan ang rehimeng US-Duterte sa kasalukuyang krisis na dinaranas sa lalawigan at buong bansa. Walang maagap na paghahanda ang rehimen, lalo na ang mga lokal na pamahalaan sa lalawigan, kung paano haharapin ang krisis ng tagtuyot.

Ang nakikitang solusyon ni Duterte ay mga patse-patseng pang-ampat ng krisis kagaya ng pamumudmod ng mumo sa anyo ng kanyang bersyon ng proyektong pabahay, universal health care, conditional cash transfer, reporma sa lupa at iba pang programang pangkagalingan. Lahat ng mga ito ay pakikinabangan ng mga kasabwat niyang panginoong maylupa at burgesyang kumprador. Halimbawa, ang reporma sa lupa ni Duterte ay ang pagpapalit-gamit sa lupa para bigyang-daan ang konstruksyon ng mga dam, pagmimina, turismo at enerhiya, at mga proyektong imprastruktura.

Ang solusyong nakikita ng Department of Agriculture sa bagsak na presyo ng kopra ay alisin ang pagbabawal sa pageeksport ng niyog para daw mailuwas ito sa mga bansang kagaya ng Tsina. Talagang hindi nauunawaan ng mga burukrata sa gubyernong Duterte ang tunay na pangangailangan ng mamamayan. Sa halip na palakasin ang industriya ng niyog sa bansa para sa sarili nitong produksyon nang sa gayon ay tumaas ang halaga sa gamit, partikular ng kopra, ang naiisip ng rehimeng Duterte ay iluwas ang sariling produkto ng bansa.

Habang pinahintulutan naman ang todo-todo at libreng pagpasok ng imported na bigas at iba pang produktong pang-agrikultura na tiyak na mananalasang tulad ng peste sa lokal na produksyon at kabuhayan sa kanayunan.

Enero pa lamang ay nagsabi na ang PAG-ASA na daranas ng tagtuyot ang bansa na malamang na umabot hanggang buwan ng Hunyo. Pero hanggang ngayon ay iilan pa lamang na mga probinsya ang nagdedeklara ng state of calamity. Sa rehiyong Timog Katagalugan ay ang Mindoro Occidental ang naunang nagdeklara ng state of calamity gayong tinayâ na umabot lamang sa higit 55 milyong piso ang pinsalang dulot ng tagtuyot.

Noong isang taon pa ipinananawagan ng mga samahang magniniyog sa Quezon na magdeklara na ang provincial government ng state of calamity upang magamit ang calamity fund para sa agarang ayuda sa mga magsasaka dahil sa bagsak na presyo ng kopra. Sa panahon ng tagtuyot, wala nang makitang dahilan para hindi ito gawin ng mga local government unit.

Isang hamon ngayon, maging sa rebolusyunaryong kilusan kung paano lulutasin ang taggutom sanhi ng pagbagsak ng presyo ng kopra at tumatagal nang tagtuyot. Kailangang imobilisa ang buong rebolusyunaryong baseng masa para harapin ang naturang krisis. Ang mga balangay ng rebolusyunaryong organisasyong masa sa pangunguna ng Pambansang Katipunan ng Magbubukid ay dapat na magbuo ng mga grupo na mag-aaral ng epekto at pinsala ng tagtuyot at pagbagsak ng presyo ng kopra at buong niyog.

Mula sa mga matitipong impormasyon at datos, lapatan ng mga kagyat at praktikal na hakbanging maaring gawin para makaagdong sa kasalukuyang krisis. Maaring magtulung-tulong ang mga grupong balangay ng PKM sa paggawa ng tangke ng tubig para maging imbakan. Agad itong gawin habang may mga natitira pang sapa at ilog na hindi pa ganap na natutuyo.

Panatilihing malinis ang mga bukal para sa inuming tubig. Maari ring magtanim ng mga gulay na matitibay sa panahon ng tag-init para pansamantalang mapagkunan ng dagdag na suplay ng pagkain at kita.

Marapat na maglunsad ng malawakang kampanyang edukasyon at propaganda ang mga rebolusyunaryong organisasyon masa para mailinaw sa pinakamaraming mamamayan ang kasalukuyang kalagayan, wastong pagsusuri at kinakailangang gawin para maharap at makalampas sa kasalukuyang krisis.

Ang mga progresibong samahan ng mamamayan ay dapat ding maglunsad ng karampatang aksyon sa pamamagitan ng pag-obliga sa mga lokal na pamahalaan ng rehimeng US-Duterte sa lahat ng antas na magsagawa ng kaukulang konkretong solusyon sa dinaranas na krisis ng mamamayan. Dapat na itulak ang mga lokal na pamahalaan na maglabas ng resolusyon at ordinansa na magdedeklara ng state of calamity at gamitin ang pondo sa kalamidad para sa operasyong kagyat na pagbibigay-tulong sa mamamayan.

Batay sa kinuwentang datos, mangangailangan ng hindi bababa sa 1 sakong bigas at limang libong pisong cash kada buwan ang bawat pamilyang may limang myembro para mabuhay sa panahon ng krisis.

Ang DIKLAP ay ang rebolusyonaryong pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas - Marxismo-Leninismo-Maoismo sa South Quezon-Bondoc Peninsula. Ito ang boses ng mamamayang nakikibaka at tagapamandila ng mga tagumpay ng digmang bayan sa SQBP.

Para sa inyong mga komentaryo, katanungan, panukala at mga kontribusyon, makipag-ugnayan lamang o i-email kami sa:
diklapquezon.ph@gmail.com

RONDA GERILYA

## Misencounter ng 85th IB, isa ang patay


Dalawang pangkat ng Bravo Coy ng 85th IBPA ang aksidenteng nagkalabanan sa Barangay Casay sa bayan ng San Francisco noong madaling araw ng Abril 10, 2019.

Ang isang pangkat nila ay nagpanggap na NPA. Kumpirmadong napatay ang isang sundalo at merong hindi mabilang na sugatan.

Ipinakalat na balita ng 85th IB na napaengkwentro sila sa mga NPA gayong ang tunay na nagbarilan ay sila-sila mismo.

Napilitan na lamang aminin ng 85th IB na misencounter ang naganap matapos malaman sa punerarya na sundalo nila ang namatay sa labanan.

Batay sa nakuhang ID sa bangkay ni PFC Arvin Peñaredonda, siya ay bagong gradweyt na regular na sundalo.



## Rebolusyunaryong hustisya sa mga biktima ng panggagahasa, ipinatupad ng NPA

Noong Marso 18, 2019 ipinatupad ng Bagong Hukbong Bayan ang rebolusyunaryong hustisya para sa mga biktima ng panggagahasa ni Cesar Umali sa Barangay Magsaysay, General Luna.

Si Umali ay napatunayan ng Demokratikong Gubyernong Bayan na nagkasala sa kaso ng panggagahasa at akto ng panghahalay sa mga kababaihan na lahat ay mga menor de edad nang kanyang maging biktima. Naitala mula sa imbestigasyon ng kaso ang anim na beses na panggagahasa at dalawang akto ng panghahalay simula 2004 hanggang kamakailan lamang.

Dahil dito ay pinatawan ng demokratikong gubyernong bayan ng parusang kamatayan si Umali.

Ang taumbaryo ay buo ang pagsang-ayon sa ginawang pamamarusa dahil matagal na nilang hinihintay ang hustisya para sa mga biktima ni Umali. Katunayan, kahit ang mga kagawad ng pulisya na nag-imbestiga sa pagkamatay ni Umali ay nagpahayag ng pagsang-ayon sa pamamarusa kay Umali.

---

Kung tutuusin ay sapat ang 75 bilyong piso na hawak ng National Treasury mula sa coco levy funds para tugunan ang ganitong subsidyo hindi lamang sa mga magniniyog ng Quezon, kundi maging sa buong bansa.

Dapat ring maagang ikonsidera ang panahon ng pagbawi o rehabilitasyon ng niyog. Isang taon ang kakailanganin para makabawi ang mga niyugan mula sa aabuting pinsala dulot ng tagtuyot. Kung gayon, kailangan pa ring patuloy na ipaglaban ng mga magsasaka ang panawagang itaas sa presyong Lucena ang presyo ng kopra at buo at patuloy na paunlarin ang industriya ng niyog sa lalawigan at buong bansa para magarantiyahan ang kabuhayan ng mga magniniyog kahit hindi na panahon ng tagtuyot.

Kailangang patuloy na kalampagin ang mga lokal na burukrata at pulitiko sa lalawigan na walang kapaki-pakialam sa kasalukuyang krisis. Katunayan, nagpapabalik-balik na ang mga samahang magniniyog sa tanggapan ng gubernador ng Quezon pero tahasang nagsasabi ang mga tauhan ni Gubernador Jayjay Suarez na wala silang maibibigay na tulong. Masahol pa ay hindi man lamang maharap ng gubernador ang mga magsasakang dumudulog dahil sa paliwanag na abalang-abala na siya sa kampanyahan sa eleksyon.

Kapag nagtagal ang ganitong kalagayan, hindi malayong pumutok ang mas maraming protesta at pag-aalsa ng mamamayan.

Hindi naman magdadalawang isip ang New People's Army sa ilalim ng Apolonio Mendoza Command na maglunsad ng mga aksyong militar laban sa mga mapapatunayan na nagsasamantala sa kasalukuyang kalunus-lunos na kalagayan ng mamamayan para sa sariling kapakinabangan at interes.

Siguradong itinuturing ng mga halang-ang-kaluluwang kandidato, pulitiko at burukata ng reaksyunaryong pamahalaan na tiyempong-tyempo ang pagsasabay-sabay ng tagtuyot, bagsak na presyo ng kopra at eleksyon. Pagnanasaan nilang gamitin ang calamity fund para sa pamimili ng boto – siguradong may nabuo na silang maitim na balak paano pagkakakitaan ang panahong ito.

Magiging target din ng mga aksyong militar ng NPA ang mga mag-iimbak/magtitinggal ng malaking bulto ng bigas (rice hoarding), kabilang din ang mga makikipagsabwatan sa mga copra trader at landlord para lalong gipitin ang mga magsasaka.

Sa gitna ng krisis, nananawagan ang rebolusyunaryong kilusan sa lalawigan ng Quezon sa lahat ng mamamayan na magkaisa laban sa rehimeng US-Duterte na lalong nagpapasahol sa aping kalagayan ng sambayanan.

Ang Gabay *ni Ka Armine de Guia*

# Huwag sumumpong sa kampo! Huwag makipag-usap sa sundalo!

## Ang kasalukuyang pakana ng pekeng pagpapasuko sa ilalim ng E-CLIP

*Mga kasama, maalab na rebolusyunaryong pagbati! Pulang saludo sa lahat ng mga kumander at mandirigma sa buong kapuluan sa okasyon ng ika-50 anibersaryo ng NPA!*


Ito na ata ang pinakamainit na panahon na naranasan natin. Yano! Hindi lamang dahil sa tagtuyot na dulot ng El Niño kundi talagang kainaman din ang init ng mga usaping kinakaharap ng sambayanan! Sino ba naman ang hindi tatagaktak ang pawis sa sisiyam na pisong kikitain ng mga maglulukad kada araw sa panahong tetrese pesos na ang por kilo ng lukad at babagsak pa ang ani dahil tagtuyot? Aba, kahit ang pulpol na gubyerno ni Meyor Duterte ay nagsabing 350 piso kada araw ang kailangan ng isang pamilyang may limang myembro para mabuhay nang maayos.

Nataon pang magdaraos na naman ng magastos at marahas na eleksyon sa Mayo. Lalong nakakahayblad kapag nalalaman mong milyones ang gastos ng mga kandidato habang wala man lamang mailaang subsidyo ang reaksyunaryong gubyerno para sa mga biktima ng tagtuyot at gawang-taong kalamidad na pagsadsad ng presyo ng lukad.

Isang sakong bigas at limang libong pisong cash ang panawagan ng mga samahang magsasaka sa panahon ng tagtuyot, hindi isang plastik bag ng bigas at isang ipit na lambanog para bilihin ang kanilang boto!

Sinabayan pa ito ng panibagong kahunghangan ni Duterte na pagbuwag sa sarili niyang peace panel, at kamakailan binawi na naman niya at magtatayo na raw ng bagong lupon. Ika nga ng mahal nating Propesor Joma Sison – war panel ang itatayo ni Duterte! Talagang adik sa gera ang sanggano at bastos na pangulo ng Republika ng Pilipinas.

Marami pang mainit na usapin mga giliw kong mambabasa, pero ang lalaanan ko ng puwang sa kolum ko ngayon ay ang kasalukuyang kinakaharap na mga pangyayari ng pagpapasumpong sa ating masa sa lokalidad sa mga kampo ng sundalo.



***Ano ang kinairalan ng mga pangyayaring ito at ano ang marapat nating gawin?***

Kamakailan ay kabi-kabila ang napapabalitang mga "sumusukong myembro ng CPP-NPA." Ayon sa Armed Forces of the Philippines, mula lamang Enero 2019 hanggang unang linggo ng Marso ay umabot na sa kabuuang 608 myembro at tagasuporta ng rebolusyunaryong kilusan ang sumuko. Ipinagyayabang nilang ang mga nagsisuko ay benepisyaryo ng enhanced comprehensive local integration program o E-CLIP.

Ito ay malaking kabulaanan. Ang AFP ay nagsisinungaling para makapanlinlang.

Una, ang tinatawag nilang E-CLIP ng Department of Interior and Local Government ay gatasang-baka ng AFP at Philippine National Police para kumita at/o makakumisyon sa perang natatanggap ng mga "sumuko". Dahil malaking pera ang sangkot, ito ang nagtutulak sa AFP at PNP na gumawa ng mga pekeng listahan at magharap ng mga pekeng surenderee.

Ikalawa, ang mga pekeng listahan at pekeng surenderee na ibinabalita nila ay yaong mga nalinlang nila. Ang pamamaraan nito ay:

**Pagtitipon** - magbabahay-bahay ang AFP at PNP sa mga target pasukuin. Iimbitahan nila sa isang pagtitipon na inisponsoran diumano ng LGU kapartner ang DSWD at iba pang ahensya ng reaksyunaryong gubyerno. Papangakuan silang sa pagtitipon ay makakatanggap ng tulong mula sa pamahalaan. Pero masosorpresa sila na hindi ito sa munisipyo gaganapin, sa halip ay sa kampo ng sundalo. Sa pamiting ay may nakahandang programa kung saan kukunan sila ng litrato at papipirmahin sa isang malaking tarpolin na may mga pangalan nila na nagsasabing sila ay "nagbalik-loob sa pamahalaan". Hindi na nila makukuha ang pangakong pera at tulong dahil pinoproseso pa raw ito.

Ang partikular na halimbawa ng pangyayaring ito ay ang naganap noong Pebrero 6, 2018 kung saan 11 residente ng bayan ng Lopez ang dinala sa Malacañang at iniharap na sumukong NPA kabilang ang nasa 200 pang indibidwal.

Noong November 2018, may ganito ring pangyayari sa bayan ng San Francisco, labing-apat na residente ang dinala sa kampo ng 85th IBPA at pinalabas na mga dating rebelde na nagbalik-loob sa gubyerno.

**Pagpapasumpong** - ipinapatawag sa kampo ng sundalo ang mga residente ng barangay sa pamamagitan ng mga kapitan at kagawad ng barangay. Sa kampo ay paaamining may kaugnayan sila sa rebolusyunaryong kilusan. May mga ipapakitang listahan ng pangalan at litrato na kailangan nilang kilalanin. May pananakot at maaring umabot sa pananakit para tumuga at/o magbigay ng impormasyon

**Pananakot at Red Tagging** - Binibisita ng mga ahente ng AFP at PNP ang bahay ng mga target pasukuin at kinukumbinsi sila sa paraang pag-aalok ng pabuya. Kapag hindi agad nakuha sa pakiusapan ang target, tatakutin sa iba't-ibang pamamaraan kabilang na ang pagtatanim ng droga at hayagang sasabihing magiging biktima ng Oplan Tokhang kapag hindi nakipagtulungan.

Pinakahuling insidente noong Pebrero ang nangyari sa magsasakang si Diego Remolin ng barangay Malabahay, Macalelon na isang oras na ininteroga at hinalughog ang kabahayan habang tinututukan ng baril ang isa pang magsasaka. Pinagpanggapan muna siya ng mga sundalong nagpakilalang "Mga kasama kami, kukuhain na namin ang pahabiling baril na nasa sako."

Sa bayan naman ng San Francisco, tatlong lider ng samahang magniniyog ang napilitang magbakwet matapos silang puntahan ng mga sundalo at paratangang CPP-NPA ang nasa likuran ng kanilang samahan na nananawagan na isauli ang bilyong pisong coco levy funds sa mga magniniyog.

**Disimpormasyon** - Gamit ang lahat ng daluyan ng impormasyon, nagkakalat ng mga kasinungalingan ang AFP at PNP sa ating lokalidad. Hanggang sa mga iskwelahan ay may pinapakalat na itim na propaganda ang AFP at PNP laban sa rebolusyunaryong kilusan. *(Tingnan ang kaugnay na artikulong Bulaan ang Solcom sa pahina 7)*

At ikatlo, ang sinumang sumumpong, basta't nakausap kahit hindi talaga sumuko, ay kabilang na sa listahan ng fake surenderee o pekeng suko.

Mga mahal na mambabasa, mag-iingat kayo sa mga taong kumakausap, nagpapatawag at nakikipagtulungan para pasumpungin ang ating mga masa sa lokalidad. Ilan sa mga natukoy nating masugid na tagapagpatupad nito ay sina Tenyente Romeo Suarez Sabio, Tenyente Randy Bobis at isang Sarhento Peña. Sila ay pawang opisyal ng 85th IBPA na nangunguna sa pag-ooperasyon sa mga baryo ng magsasaka.

Kabilang din ang mga sunud-sunuran at kontra-rebolusyunaryong mga CAFGU na tuluyan nang tinalikuran ang kanilang kauring magsasaka, karamihan sa kanila ay nasa kampo ng Eybol sa barangay San Francisco A sa bayan ng Lopez.

Mag-ingat din sa matatamis na dila ng inyong Kapitan del baryo at mga kagawad. Sa halip na protektahan nila kayo, sila pa ang nangungumbinsing sumumpong sa kampo para diumano'y linisin ang inyong mga pangalan gayong alam-na-alam naman nila ang kahahantungan nito ay kapahamakan.

> "...ang sinumang sumumpong, basta't nakausap kahit hindi talaga sumuko, ay kabilang na sa listahan ng fake surenderee o pekeng suko.

**Ano ang dapat nating gawin?**

1. Kaagad na magpatawag ng pulong ang lahat ng mga komiteng seksyon at sangay ng partido sa lokalidad, balangay ng saligang organisasyong masa at yunit milisyang bayan para pagtalakayan ang kolum kong ito

2. Sa pulong ay pagkaisahin ang lahat ng rebolusyunaryong pwersa kung paano lalabanan ang pakanang ito ng kaaway

3. Buuin ang detalyadong ulat ng ginawang "pagpapasuko", kabilang ang sirkumstansya ng pagpapasumpong, naging laman ng pakikipag-usap sa kaaway at iba pang detalye

4. Ang lahat ng maiinit at target ng kaaway ay agad na sumanib sa pinakamalapit na yunit ng NPA para sa kaukulang pangangalaga at pagpaplano sa nararapat na maging hakbangin

5. Pag-aralan ang dokumentong Ang Dapat Na Maging Kondukta Sa Harap ng Interogasyon Kapag Nahuli ng Kaaway at Habang Nasa Loob ng Bilangguan

Mabibigo lamang natin ang pagbubulaan, disimpormasyon at pambabaluktot ng rehimen kung magiging isang kilusang masa ang ating pagharap sa pakanang ito ng kaaway. Gusto ng kaaway na kumilos tayo ng hiwa-hiwalay at hindi isinasaalang-alang ang interes ng nakakarami. Gusto ng kaaway na magdudahan ang mga rebolusyunaryong pwersa natin sa lokalidad. Kapag nangyari ito, mawawasak ang base ng ating rebolusyon.

Bagamat nasa mga reaksyunaryo ang pondo at makinarya para linlangin ang masa, hindi nito kayang pagtakpan ang aktwal na kalagayan ng mamamayang naghihirap at biktima ng inhustisya ng kasalukuyang rehimeng US-Duterte. Ito ang nagtutulak sa sambayanan na patuloy na lumahok sa digmang magsasaka na inilulunsad ng NPA sa kanayunan.

# Hinggil sa Pagbuwag ni Duterte sa GRP Peace Panel

## "Hindi maaaring hiwa-hiwalay ang pagpapatupad ng reporma sa lupa at paglutas ng suliranin ng mamamayan."

Anong kabulastugan itong ginawang pagbuwag ni Digong Duterte sa sarili niyang peace panel at pagsusulong ng lokal na usapang pangkapayapaan? Na sinuportahan naman ng kagaya ni Senator Panfilo Lacson dahil diumano'y "hindi naman pambansa ang saklaw ng insurgency".

Pambansang kalayaan mula sa dominasyon ng dayuhang imperyalistang US at mga lokal na naghaharing uri ang hangad ng CPP-NPA para sa sambayanang Pilipino, kung gayon ay isinusulong ang demokratikong rebolusyong bayan sa buong kapuluan.

Pambansa ang dominasyon at pang-aaping nagaganap. Dapat wasakin ang makinaryang burukratiko at militar ng estado sa pambansang saklaw, pati na ang malalaking kumprador at panginoong maylupa. Dapat parusahan ang mga pasistang kriminal at traydor sa buong bansa.

Dagdag pa ng dating pulis na si Lacson ay "sapat nang lutasin sa antas ng munisipyo ang problema". Para sa kaalaman ni Lacson, ang pundamental na problemang pinag-uugatan ng armadong tunggalian ay kawalan ng tunay na reporma sa lupa sa buong bansa.

Nasa 75% ng 104 milyong populasyon ng bansa ang naghahangad na uring magsasaka para sa lupang mabubungkal. Sa pagpapatupad lamang ng libreng pamamahagi ng lupang matataniman saka malulutas ang ugat ng digmang magsasaka sa kanayunan ng bansa.

Kung gayon, hindi maaaring hiwa-hiwalay ang pagpapatupad ng reporma sa lupa at paglutas ng suliranin ng mamamayan kagaya ng ipinapanukala ng mangmang na si Duterte.

Mula sa maamong mukha ng rehimeng US-Duterte sa pagpasok nito sa usapang pangkapayapaan sa NDFP noong 2016, nahubad ang kanyang maskara bilang pasista-teroristang pangulo ng Pilipinas nang umatras siya sa peace talks noong maagang bahagi ng 2017.

Ang hakbanging pagbuwag sa sarili nitong peace panel ay nangangahulugan na wala nang balak ang rehimeng US-Duterte na makipag-usap sa NDFP upang solusyunan ang ugat ng armadong tunggalian sa Pilipinas. Lubos na pinapatunayan lamang ni Duterte ang kanyang pagiging adik sa gera at paggamit ng karahasan para patahimikin ang sinumang kalaban.

Ang alam na kapayapaan ni Digong Duterte ay ang katahimikan ng libingan. Subalit walang kapayapaang inihatid ang gera kontra-droga, gera kontra-Moro at gera laban sa CPP-NPA ni Duterte na ngayo'y lampas na sa 20,000 ang naging biktima ng kanyang hibang na mga gera.

Limampung taon na ang New People'Army ngayong Marso 29, 2019. Patuloy na tinatangkilik ng sambayanang Pilipino ang pambansa-demokratikong pakikibaka ng CPP-NPA-NDFP.

Habang kamamatayan na lamang ni Duterte ang pangangarap niyang mapupuksa ang CPP-NPA, handa naman ang rebolusyunaryong kilusan kahit ilampung taon pa para tiyakin na malutas ang ugat ng armadong tunggalian sa pambansang saklaw.



# Bulaan ang SOLCOM!

> "...bukod sa makapagpasuko, gatasang-baka ng AFP-PNP ang E-CLIP para kumita at makakumisyon sa perang natatanggap ng mga "sumuko".

Sistematiko at planado – ganyan maisasalarawan ang mga pekeng balita at disimpormasyon na natatangap natin sa araw-araw na pamumuhay sa bansa. Mula nang pinutol ng rehimeng US-Duterte ang usapang pangkapayapaan sa pagitan ng NDFP at GRP, lalong umalagwa ang sangkaterbang mga buladas, paninira, at itim na propagandang ikinakalat ng rehimen laban sa rebolusyonaryong kilusan.

Makinarya nito ang lahat ng ahensya ng estado, kasama ang midya na madalas ay hindi kritikal sa inilalabas na impormasyon, sa nagpapatupad, nambabaluktot at nagtatakip sa tunay na kalagayan ng bansa habang sadya nitong hinihilot ang mga balitang kunwaring nagpapakita ng pag-unlad at pagbabago. Pinapalamutian at pinapabanguhan ang sagad-sa-butong pang-aapi at pagsasamantala ng estado sa mamamayan.

Hindi lamang ang paniniktik, kombat at civil military operation ang nilalaman ng Oplan Kapayapaan, kasama rin nito ang panlilinlang. Kaya naman todo-larga ang opensibang kontra-rebolusyonaryo at anti-NPA ng AFP, hindi lamang sa mga operasyon sa kanayunan, kundi maging sa mga isinasagawa nitong intriga, paninira at pagkontrol sa lahat ng daluyan ng impormasyon lalo na sa Quezon.

Sa pangunguna mismo ng hepe ng Southern Luzon Command ng Armed Forces of the Philippines, ikinukumpas niya ang pangkabuuang tono kung paano sisiraan ang rebolusyunaryong kilusan sa lalawigan ng Quezon. Ito ang parang sirang plaka na inuulit-ulit ng kanilang bayaran at masusugid na grupong anti-komunista at tagasunod magmula sa sariling yunit ng 85th IBPA na nasa SQBP, pulisya, paramilitar, gawa-gawang organisasyon hanggang sa karaniwang mamamayan na patuloy pang nalilinlang ng itim na propaganda ng rehimen.

Katuwang ng hepe ng Solcom ang commander ng 201st Infantry (Kabalikat) Brigade ng 2nd Infantry (Jungle Fighter) Division (2ID) at 85th Infantry Battalion ng Philippine Army.

Kung tutuusin hindi na bago ang ganitong pamamaraan ng Solcom. Maaalala noong 2012 sa kasagsagan ng pagdagan ng 8-batalyong pinagsanib na AFP-PNP-CAFGU sa 22-bayan ng SQBP, nakipag-eskrimahan ang Solcom sa masiglang kampanya ng hayag na demokratikong kilusang masa kung saan sa bawat pagkilos ng mamamayan ay may aktibong kontra-propaganda ang Solcom kagaya ng sariling balatengga at polyeto, pagtapat ng kasabay na programa, pang-aagaw ng mga rekursong materyal at personahe, hanggang sa maruming paraan ng pananabotahe kagaya ng paghahagis ng spike sa daraanang kalsada ng mga nagpoprotesta.

Nitong nakaraang Hulyo 2018, hindi na lamang spike ang inihahagis sa dinaraanan – pinagbabaril ang gulong ng dyipni na sinasakyan ng quick response tim ng grupong Karapatan pagkalampas nila sa istasyon ng 416th Public Safety Maneuver Company ng pulisya sa Macalelon.

Nagsampa rin ng gawa-gawang kaso, isinama sa listahan ng mga terorista, nagpakalat ng malalaking tarpolin sa mga sentrong bayan ang Solcom na nagsasangkot sa iba't-ibang personahe ng rebolusyunaryo at progresibong kilusan sa mga gawaing kriminal at terorista.

Naging pamalagian na ang ganitong pakana ng Solcom. Sa bawat aksyong militar ng NPA, lalo na yaong aksyong pamamarusa sa mga kaaway ng mamamayan, mabilis na naglalabas ang Solcom ng di-pirmadong polyeto na nagsasangkot maging sa mga ligal na personahe at/o nambabaluktot ng mga pangyayari.

Paboritong target ng Solcom ang mga hayag na samahang Anakpawis Partylist, Karapatan at Piglas-Quezon, kabilang na ang mga kilalang lider ng mga nasabing samahan.

Pinakamasahol ang inilabas na polyeto ng paninira kina Nanay Fe delos Santos, ina ng kumander ng NPA at Jennylyn Dichoso, kilalang lider ng progresibong samahan sa lalawigan – na diumano'y nangungurakot ng pondo ng organisasyon para sa mga kalaguyo nilang sangkot sa iligal na aktibidad na pagtutulak ng droga.

May pangyayari ring isinangakot ang mga miyembro ng Anakpawis partylist sa pagkapaslang sa kapitan ng barangay Cambuga sa bayan ng Mulanay noong bago ang eleksyong pambarangay.

Walang bumili sa mga palabas na ito ng pulisya at sundalo. Sadyang kapag gustong magtadtad ay naghahanap ng sangkalan ang mga berdugong matador ng rehimen.

Pinangungunahan ng mga opisyal ng 85th IBPA, kagaya ni 1st Lt. Randy Bobis ang paninira at paghahasik ng takot sa mga komunidad na kanilang nasasakupan. Nagmamayabang si Bobis sa mga umpukan ng magsasaka na "yari" sa kanya si Kasamang Kathryn kapag nakita niya sa gubat. Pinagkakalat nila na hindi totoong mababawi ang bilyong pisong pondo ng coco levy.

*(sundan sa pahina 8)*

**Bulaan ang SOLCOM** mula sa p.7

Pamalagian ding laman ng itim na propaganda ng mga saywar tim ng 85th IBPA ang kampanyang Enhanced Comprehensive Local Integration Program o E-CLIP ng Department of Interior Local Government. Namumudmod sila ng mga polyeto ng E-CLIP, pero sa likod nito, bukod sa makapagpasuko, gatasang-baka rin ng AFP-PNP ang E-CLIP para kumita at/o makakumisyon sa perang natatanggap ng mga "sumuko".

Katunayan, nakumbinsing "sumuko" ang kapatid at bayaw ng isang detenidong pulitikal na taga-Macalelon noong September 2016. Kunyaring inutang ng sundalong nagpasuko sa kanila ang bahagi ng perang natanggap at hindi na ito binayaran.

Binibisita ng mga ahente ng AFP at PNP ang bahay ng mga target pasukuin at kinukumbinsi sila sa paraang pag-aalok ng pabuya. Kapag hindi agad nakuha sa pakiusapan ang target, tatakutin sa iba't-ibang pamamaraan kabilang na ang pagtatanim ng droga at hayagang sasabihing magiging biktima ng Oplan Tokhang kapag hindi nakipagtulungan. Naranasan ito ni Dodong Tayactac, magsasaka ng asyenda Uy sa bayan ng San Andres.

Ang pinakahuling insidente ng pekeng pagpapasuko ay ang pakyawang ginawa sa 11-residente ng Barangay Jongo sa bayan ng Lopez. Kabilang ang mga nasabing residente sa mahigit 200 pekeng sumurender na ipinarada ni Duterte sa Malacañang noong Pebrero 6, 2018.

**Mga pekeng grupo**

Unang namonitor ang pagsulpot ng grupong QDS o Aklas Quezon Movement Against CPP-NPA-NDF noong Marso 2017 pagkatapos patayin ang lider-magbubukid na si Gilbert Bancat sa bayan ng San Andres. Laman ng polyetong inilabas ng QDS ang pagbibintang sa NPA na diumanong siyang pumatay sa lider-magbubukid.

Gamit ang trademark logo ni Digong Duterte na kamaong nakaambang paharap, regular na naglalabas ng polyeto ang QDS tuwing may engkwentro ang AFP at NPA at sa mga lugar na may mainit na pakikibaka ang mamamayan.

Karaniwan ang paglalabas ng mga polyetong may kwestyunable o di-kapani-paniwalang pirma na naninira sa rebolusyunaryong kilusan at sa mga personahe ng hayag na kilusang masa.

Para pagmukhaing pangingikil ang rebolusyunaryong pagbubuwis, organisadong nagbuo ng Kotong Group sa lalawigan sa pamamagitan ng nagpapakilalang Ka Jorge Bermas. Kahima't hindi kapani-paniwala, katunayan nga ay katawa-tawa, ang ipinapadalang sulat ng naturang grupo ay marami pa rin silang nalilinlang na negosyante at karaniwang mamamayan. Daan-daang libong piso na ang napaulat na nakokolekta ng grupong ito at maaring higit pa rito kapag isinama ang mga hindi na namonitor.

**Disimpormasyon at Pekeng Balita**

Ang nasa ibaba ang halimbawa ng pekeng balita at ang tunay na mga pangyayari na naganap kamakailan:

# Fake news ng 85th IBPA, pagtatakip ng kanilang kapalpakan

Isang malaking kasinungalingan at resulta ng kanilang kapalpakan ang ipinakalat na balita ng Bravo Coy ng 85th Infantry Battalion ng Philippine Army na diumano'y engkwentro nila sa New People's Army sa San Francisco, Quezon noong Abril 10, 2019. Ang tunay na nagbarilan ay sila-sila mismong mga sundalo ng reaksyunaryong estado.

Dalawang pangkat ng Bravo Coy ang nagsalpukan sa Barangay Casay, alas-3 ng madaling araw. Ang isang pangkat nila ay nagpanggap na mga NPA na nakabihis ng tsino at parka. Kumpirmadong napatay ang isang sundalo at hindi mabilang ang sugatan.

Bagama't naobliga ang AFP na amining misencounter ang naganap, bago ito ay agad na inanunsyo ng 85th IBPA na nakapatay sila ng NPA para pagtakpan ang kanilang kapalpakan.

Batay sa nakuhang ID sa bangkay ni PFC Arvin Peñaredonda, siya ay isang bagong gradweyt na regular na sundalo.

Napag-alaman pang ang napatay ay isa sa mga sundalong regular na nag-ooperasyon sa mga barangay ng Butanguiad, Casay, Santo Niño, at Don Juan Vercelos, at nandarahas sa mamamayan dito.

**Focus and sustained operations**

Mula Marso 5, 2019, nagsasagawa ng operasyon ang 85th IB sa nasabing mga barangay sa tabing ng pagsesensus. Sa selektibong pagsesensus, partikular na hinahanap ang mga lider at kasapi ng Coco Levy Fund Ibalik sa Amin (CLAIM) at Anakpawis Partylist. Binabantaan ang mga residente at sinisiraan ang CLAIM at Anakpawis Partylist bilang diumano'y mga terorista at front organizations ng CPP-NPA.

Isa itong malinaw na pandarahas at pananakot sa mamamayan lalo na sa mga magniniyog at kasapi ng mga naturang organisasyon.

Bumulusok na sa P11 kada kilo ang presyo ng kopras nitong nakalipas na buwan sa nasabing bayan at iba pang karatig-lugar. Pinakamababang presyo ito sa loob ng halos dalawang dekada.

Sa matinding kagutuman at kahirapan na dinadaganan pa ng pasismo ng estado, walang susulingan ang mamamayan kundi ang lumaban at lumahok sa armadong pakikibakang inilulunsad ng NPA sa pamumuno ng Partido Komunista ng Pilipinas. Sa malao't madali, bibiguin at ibabagsak ng rebolusyonaryong kilusan at mamamayan ang pasista at diktador na rehimeng US-Duterte.

# Ang Paglabag ng AFP sa Karapatang Tao at ang Paglaban ng Mamamayan Para sa Katarungan

*Dalawang kuwento ng Ina ang tampok sa isyung ito ng Diklap. Ang una ay ang lathalain tungkol kay Gng. Fe delos Santos at ang ikalawa ay tungkol sa tagapagtaguyod ng karapatang tao na mababasa sa seksyong pangkultura sa anyong sanaysay. Pagkilala ito sa kadakilaan ng kababaihan na nag-aambag ng kaisa-isang buhay sa pagluluwal ng mga anak ng bayan at pagbabagong panlipunan.*



**Ang Utos**

At nag-utos nga si Duterte – "idamay ang pamilya ng mga NPA at lahat ng lumalaban sa gubyerno."

**Si Nanay Fe delos Santos**

Ipinanganak noong December 24, 1954 sa lalawigan ng Quezon si Nanay Fe Delos Santos. Sa maagang bahagi ng buhay ni Nanay Fe, alam na niya ang rebolusyon. Rebolusyon ang kanyang kinamulatan, rebolusyon din ang bumuo ng kanyang pamilya.

Kasapi ng Bagong Hukbong Bayan ang kanyang asawa. Hindi ito naging hadlang para maging maayos ang kanilang pamilya. Sa pagsasaka at pananahi binuhay ni Nanay Fe ang pangangailangan ng kanyang mga anak. Kinakailangan nya itong gawin, lalo't noong 1988 ay mag-isa na lamang niyang tinataguyod ang kanyang mga anak dahil namartit sa isang labanan ang kanyang asawang hukbo. Sa panahon na iyon ay may binatilyo na siya at nagnanais ring maging bahagi ng armadong pakikibaka.

Kalaunan, hindi lamang isang mandirigma kundi naging pulang komander ng Apolonio Mendoza Command ang anak ni Nanay Fe.

Naging mahusay na komander ang kanyang anak sa mga di mabilang na pagbira sa pasistang militar ng AFP sa lalawigan, dahilan upang maging mainit sa tenga ng mga militar ang pangalan ng kanyang anak. Gayunman walang mag-aakala na ang galit ng militar sa kilalang kumander ng AMC-NPA ay ibabaling sa kanyang pamilya. Walang mga palatandaan na pinag-iinitan din ng kaaway ang kanyang pamilya – kabilang si Nanay Fe.

**Ang Pagpaslang kay Nanay Fe**

Tatlong aksyong militar ang matagumpay na nailunsad ng AMC-NPA noong buwan ng Pebrero 2018. Una ay ang reyd sa Tumbaga ranch sa bayan ng San Francisco noong Pebrero 27 kung saan anim na armalite ang nasamsam ng NPA. Kinabukasan ay naambus ang rerespondeng sundalo sa highway ng General Luna na ikinasawi ng mga pasistang tropa. Sa sumunod pang araw, inisnayp naman ang isang CAFGU detatsment sa bayan ng Lopez.

Sa magkakahiwalay na aksyong militar na nabanggit, kakatwang lahat ay ibinintang ng sundalo na pinamunuan ng anak na komander ni Nanay Fe.

Dahil sa banta at utos ni Duterte na "idamay ang pamilya ng mga NPA at lahat ng lumalaban sa gubyerno", hindi nag-atubiling sundin ito ng mga berdugong armadong tauhan ni Duterte.

Isang linggong minanmanan ng mga kahina-hinala at armadong lalake na sakay ng motorsiklo ang bahay ni Nanay Fe sa bayan ng Lopez. Noong gabi ng pamamaslang, dalawang lalake ang nagpanggap na bibili ng sigarilyo sa tindahan ni Nanay Fe. Pinagbabaril ng mga lalakeng ito si Nanay Fe. Nagtamo siya ng anim na tama ng bala sa tiyan.

Naisugod pa siya sa ospital nang gabing iyon subalit kinabukasan ay namatay si Nanay Fe.

***

Malinaw na ang tanging kaugnayan ni Nanay Fe sa rebolusyunaryong kilusan ay ang pagiging ina ng anak ng bayan na nagpasyang magsulong ng armadong pakikibaka. Subalit si Nanay Fe ang pinagbalingan ng mga sundalo dahil hindi nila kayang supilin ang kanyang anak at ang buong rebolusyonaryong kilusan.

Sa pagpaslang kay Nanay Fe, katarungan ang hinihingi ng kanyang pamilya. Maparusahan ang mga gumawa ng pagpaslang sa kanilang ina at itigil ang pagdamay sa mga pamilya ng mga nakikibakang mamamayan.

Sa pahayag ng komander na anak ni Nanay Fe, *hindi sya titigil* – kasama ang buong rebolusyonaryong kilusan at ang Bagong Hukbong Bayan – hangga't hindi nakukuha ang katarungan para sa kanyang ina at sa lahat ng naging biktima ng karapatang tao ng pasista-teroristang rehimeng US-Duterte.

# Apolonio Mendoza Command, ipinagdiwang ang ika-50 taon ng NPA

Sa ginintuang anibersaryo ng Bagong Hukbong Bayan, nagdiwang ang buong Apolonio Mendoza Command-New People's Army noong ika-29 ng Marso. Ito ay sa gitna ng desperadong mga hakbang ng rehimeng US-Duterte at alipores nitong AFP na wasakin ang rebolusyunaryong kilusan.

Napatunayan ng nakasaksing mga pulang komander at mandirigma, kasama ang masa sa baryo na hindi kayang talunin ng reaksyunaryong gubyerno ang rebolusyunaryong kilusan kahit na anong kampanyang supresyon ang gawin ng AFP at pagbibigay-taning ni Duterte sa katapusan ng CPP-NPA.

Nagmartsa ang mga pulang mandirigma upang sumaludo sa bandila ng Partido Komunista ng Pilipinas, Bagong Hukbong Bayan at Pambansa Demokratikong Prente ng Pilipinas. Matapos nito ay umawit ang lahat ng Internasyunal.

Nagbigay ng talumpati ang tagapagsalita ng Apolonio Mendoza Command na si Ka Cleo del Mundo. Ayon sa kanya, hindi aabot ng singkwenta taon ang NPA kung hindi ito mahal ng masa, at ito rin aniya, ang dahilan kung bakit hindi matalo-talo ang NPA.


Dagdag pa ni Ka Cleo, "ang Marso 29 ang hudyat ng buong taong pagdiriwang ng anibersaryo ng New People's Army. Ipagdiwang natin ito sa pamamagitan ng paggunita at pagdakila sa ating mga martir ng rebolusyon."

Pinatampok ni Ka Cleo ang mga tagumpay ng BHB sa larangan ng pagtatayo ng baseng masa, paglulunsad ng rebolusyong agraryo at pagpapaigting ng armadong pakikibaka.

Sa huling bahagi ng kanyang talumpati, sinabi nyang "ituro natin na ang rebolusyon, at hindi ang eleksyon sa Mayo, ang tanging paraan para sa pagkakamit ng isang tunay na malaya at masaganang lipunan na magbibigay-daan sa kasunod na sosyalistang rebolusyon."

Kaugnay pa rin ng pagdiriwang, isang raling iglap sa Lucena City ang isinagawa ng mga kasapi ng Kabataang Makabayan at Artista at Manunulat ng Sambayanan. Tampok sa aksyon ng rebolusyunaryong grupo ng kabataan ang pagpipinta ng sagisag ng CPP-NPA sa pader mismo ng Southern Luzon Command ng Armed Forces of the Philippines.

Sa mga sumunod na araw, dalawang pagdiriwang pa ang idinaos sa larangan ng digma ng South Quezon-Bondoc Peninsula. Nagsidalo sa mga nabanggit na pagtitipon ang mga magsasaka sa lokalidad. Bukod pa rito ang mga lokal na pagdiriwang na isinagawa ng mga yunit ng milisyang bayan.




## NPA at AFP nagkasagupa sa Guinayangan

**Abril 3, 2019, 3:45PM naganap ang isang labanan sa pagitan ng NPA at AFP sa Brgy. Triumpo, Guinayangan, Quezon. Alas-12 ng tanghali nang mapag-alaman ng yunit ng NPA na merong mga kaaway sa baryo na kanilang nilapagan kaya lumipat sila ng puwesto para pumakat.**

**Sa pag-aalam ng yunit ng AMC-NPA na napasagupa, tinamaan nila ang dalawang elemento ng mga kaaway.**

**Wala namang naitalang kaswalti sa mga NPA at ligtas na nakaatras ang mga pulang mandirigma.**

# Kampuhang Bayan

Dalawang taon na ang nakakalipas mula nang bumagsak ang presyo ng kopra at buong niyog sa lalawigan ng Quezon. Mula sa dating, P30-P40 na presyo ng kopra at P12 kada buo, lampas na sa kalahati ang ibinagsak ng produktong niyog sa lalawigan. Ang probinsya ng Quezon ang itinuturing na top agricultural producer sa buong Region IV-A. Narito ang 42 porsyento ng produksyon ng palay sa buong Timog Katagalugan, 75 porsyento ng produksyon ng mais, 26 porsyento ng mga prutas, 62 porsyento ng mga gulay at pinakamalaki ang 86 porsyento ng produksyon ng niyog sa buong rehiyon. Ang niyog at mga produkto mula dito ang isa pangunahing farm export ng bansa na kumikita ng $1-bilyon kada taon.

Mayo 2018, nang sinimulan ng mga maglulukad ang kampanya para pataasin ang presyo ng kopra at buo. Pinangunahan ito ng samahang Koprahan, Claim at Piglas-Quezon kabilang ang ilan pang samahang magbubukid sa lalawigan. Kinatangian ng iba't ibang porma ng pagkilos ang laban ng mga maglulukad mula sa pagpapapirma ng petisyon hangggang sa serye ng mga dayalog at protestang bayan. Mula buwan ng Septyembre hanggang Disyembre 2018, hindi bababa sa 15,000 maglulukad ang lumahok sa mga protestang bayan sa mga bayan ng Timog Quezon at Bondoc Peninsula.

Pinakamalaking pagkilos ang naganap sa bayan ng Tagkawayan noong Disyembre kung saan mahigit 6,000 mamamayan ang nakiisa sa panawagang itaas ang presyo ng lukad at isauli ang bilyong pondo ng coco levy sa mga magniniyog.

Itinayo noong nakaraang Marso 3-8, 2019 ang Kampuhang Bayan Laban sa Kahirapan, Kagutuman at Pasismo ng Rehimeng US-Duterte. Layunin nito na itampok sa pambansang antas ang napakahirap na kalagayan at isyu ng mga magsasaka na hindi tinutugunan o ng gobyernong Duterte. Nakipagdayalog ang mga magniniyog sa PCA, NFA, DAR at DA ngunit iisa ang tono ng sagot sa mga magniniyog -- buladas ng pangakong pagsuporta sa mga maglulukad.

Sa kabilang banda umani ng maraming tunay na pagsuporta ang mga magniniyog mula sa iba't ibang sektor at samahan sa Kamaynilaan.


Inilunsad din ang mga mga kulturang pagtatanghal ng kababaihang magniniyog na nagpapakita ng abang kalagayan nila. Kasabay nito, ang pagpaparangal sa mga martir ng sambayanan at patuloy na panawagang hustisya para kay Nanay Fe de los Santos.

Sa buong panahon ng kampanya, nagkamit ito ng mga tagumpay. Inilabas sa anim na bayan (General Luna, Macalelon, Lopez, Tagkawayan, San Francisco at Agdangan) ng Quezon ang mga resolusyon ng pagsuporta ng Sangguniang Bayan sa laban ng mga magniniyog.

Namahagi ng bigas ang mga tunay na lingkod bayan at grupong sumuporta para kagyat na maampat ang kumukulong sikmura ng mga magsasaka sa niyugan.

Ang pinakamahalagang tagumpay ay ang higit na pagsigla ng kilusang masa sa buong lalawigan.

Gayunpaman, hindi sasapat ang mga tagumpay na ito kung hindi maisasalin ang mga petisyon, resolusyon, at malawak na mobilisasyong masa sa mga konkretong tagumpay gaya ng pagtaas ng presyo ng lukad at pagpapatupad ng tunay na repormang agraryo.



# ANG DAMBUHALANG DAM

Sa Sierra Madre – ang pinakamahabang kabundukan sa bansa – balak itayo ang dambuhalang Kaliwa Dam kung saan masasagasaan ang Kaliwa River. Ang Kaliwa River ang pangunahing pinagkukunan ng suplay ng tubig at ng kabuhayan ng mga pamayanang naninirahan sa paligid ng ilog. Bukod sa tubig, ang luntiang kayamanang likas ng bulubundiukin ay karugtong rin ng bawat buhay ng mga halaman, hayop at komunidad na nakikinabang sa malusog na biodiversity ng lugar.

Ang proyekto ng New Centennial Water Source Project na Kaliwa-Kanan Dam ay sasakop sa mahigit 28,000 ektaryang sakahan at tirahan ng mga Dumagat at Remontado sa pitong barangay ng Tanay, Rizal at dalawang barangay naman ng General Nakar, Quezon, ngunit bukod dito ang nakaambang pinsala ay di lamang hihinto sa mga nasabing bayan, bagkus ang mga kalapit-bayan sa Quezon gaya ng Infanta at Real ay hindi mawawalan nang pangamba, na dahil sa pagkawasak ng kalikasan ng bulubundukin ay ang pagkalubog sa baha at banta ng matinding kalamidad sa kanila, kasabay na ang pagkawasak ng kabuhayan at kultura ng mga katutubo mula sa likas na yaman ng Sierra Madre.

Ang halaga ng dambuhalang dam ay aabot sa 12.2 billion pesos at 85% ng kabuuang gastos na ito ay magmumula sa utang sa China. Ang pagtatayong ito ay kabilang sa Build, Build, Build Program ng administrasyong Duterte na pingangambahang maglulubog, di lamang sa baha bagkus ay sa utang pinansyal – na kasarinlan at soberanya ng ating bansa ang kolateral.

“ **Ang halaga ng dambuhalang dam ay aabot sa 12.2 billion pesos at 85% ng kabuuang gastos na ito ay magmumula sa utang sa China. Ang pagtatayong ito ay kabilang sa Build, Build, Build Program ng administrasyong Duterte na pingangambahang maglulubog, di lamang sa baha bagkus ay sa utang pinansyal – na kasarinlan at soberanya ng ating bansa ang kolateral.**

**KRISIS SA TUBIG**

1970's nang simulang pagusapan ang pagtatayo ng nasabing dam dahil umano sa pagtingin ng mga ahensyang naghahawak ng suplay ng tubig at ng gobyerno, na sa mga panahong paparating ay mauubusan na ng tubig ang Angat Dam na pangunahing pinagkukunan ng suplay ng Kamaynilaan.

Noong taong 1997, nagkaroon na rin ng "krisis sa tubig" sa Maynila na nagbunsod sa administrasyong Ramos na isapribado ang Metropolitan Waterworks and Sewerage System o MWSS para lutasin daw ang krisis, ngunit hanggang ngayon ay hindi naman naresolba, kundi ay lumalala pa.

Nitong buwan ng Marso, pumutok muli ang umano'y "krisis sa tubig" sa Kamaynilaan, na ayon sa Manila Water ay dahil sa El Niño, subalit sabi ng PAG-ASA ay normal naman ang tubig sa Angat Dam na 90% pinagkukunan ng suplay ng Lamesa Dam.

Ang kahinaan at kakulangan ng teknolohiya ng MWSS, Manila Water at Maynilad ang pangunahing dahilan kung bakit mayroong krisis sa tubig, sa pagsusuplay na lamang nila at di maayos na pagmamantine ng kanilang serbisyo ay maraming naaksayang tubig ang hindi na napakinabangan ng mamamayan, idinadahilan lamang nila ang mga kahinaang ito upang makapagtayo ng panibagong mga dam gaya ng Kaliwa Dam.

**PAGTUTOL AT PAGLABAN**

Mahigit 40 taon nang tumututol at lumalaban sa pagtatayo ng Kaliwa dam ang mga Dumagat at Remontado sa probinsya ng Quezon at Rizal

Ang gobyernong Duterte mismo ang pwersang sumisira sa kalikasan at kabuhayan at lupaing ninuno na itinuturing na sagrado ng mga Dumagat. Ang Sierra Madre na nagsisilbing proteksyon laban sa mga bagyo ang nais wasakin at angkinin upang paboran ang pagnenegosyo ng mga ilang korporasyon at mga dayuhan.

Hindi hihinto ang mga katutubong Dumagat at Remontado na ipaglaban ang kalikasan, kultura, kabuhayan ng kanilang pamayanan kasama ang mamamayan mula sa iba't ibang lalawigan, lalo na ang mga taga-Quezon upang tutulan at labanan ang proyektong Kaliwa-Kanan Dam at iba pang mapanirang proyektong pipinsala sa kabuhayan ng mamamayan.

# 10 Dahilan Kung Bakit Dapat Pakamahalin Ang New People's Army

## 1 Ang NPA ay Disiplinado, Magagalang, Hindi Nananakit o Nagmumura sa masa

## 2 Ang NPA ay hindi kumukuha ng hindi kanila — nagbabayad nang tama para sa binili at isinasauli ang lahat ng hiniram

## 3 Ang NPA ay nagbabayad para sa anumang nasira —

Noong 2018, sa dalawang magkahiwalay na ambus na isinagawa sa Gen. Luna at Lopez, nadamay ang bubong ng traysikel na dumadaan at naka-ulang baka sa pinangyarihan ng ambus. Mapagpakumbabang humingi ng pasensya at nagbayad ng danyos ang NPA sa mga may-ari ng napinsala.

## 4 Ang NPA ay hindi naninira ng pananim

## 5 Ang NPA ay Naglilingkod sa Masa

**Ang NPA ay Naglilingkod sa Masa** — Titser, organisador, doktor ng magsasaka, barbero, dentista, tagagawa ng kubeta, nag-aayos ng bubong, taga-ula ng hayop, tumutulong at kasama ng mamamayan sa pagpapaunlad ng agrikultura.

## 6 Ang NPA ay Hindi Nagsasamantala sa Kababaihan

## 7 Ang NPA ay Hindi Nagmamalupit sa mga Bihag

## 8 Ang NPA ay Sumbungan ng Bayan

Matagal nang takbuhan ng inaapi't mahirap ang NPA. Tinitiyak nila na patas at makatarungan ang pagdinig sa mga kaso. Walang lagay-lagay at "palakasan." Pinarurusahan ang abusado. Pero malawak ang pang-unawa ng NPA. Inuugat nila ang mga suliranin. Hindi tulad ng Oplan Tokhang na bumibiktima lamang ng mahihirap, sinisiguro ng NPA na ang paparusahan ay ang mga nagpapakana ng mga problema ng lipunan— mga sindikato at kanilang mga protektor sa matataas na pwesto sa AFP/PNP at sa pamahalaan.

## 9 Ang NPA ay hindi teroristang grupo

Isang pwersang nakikidigma ang NPA laban sa bulok na sistema sa pamamagitan ng Digmang Bayan. Hindi extortionist o mangingikil ang NPA.

## 10 Ang NPA ang tunay na sundalo ng magsasaka!

Isinusulong ng NPA ang rebolusyong agraryo para sa mga magsasaka. Sa minimum, ibaba ang upa sa lupa, at itaas ang kita ng magsasaka. Sa maksimum, libreng ipamahagi sa kanila ang mga lupang sakahan. Kaya ang uring magsasaka ang di nasasaid na balon ng mga Pulang mandirigma.

**Ito ang mga dahilan kung bakit kinukupkop at minamahal ng mamamayan ang NPA. Itinuturing nila ang mga Pulang mandirigma bilang kanilang mga sariling kapamilya.**

# REMEMBERING NANAY

"Pasensya na ha? Laging malayo si Nanay. Basta ang tandaan nyo kahit malayo ako, mahal na mahal ko kayo"

......

Ang sabi ni Nanay sa amin noon ay naghuhukay sya ng patay at yun ang kanyang trabaho nang minsan naitanong namin sa kanya. Kaya nang tinanong kami ng aming titser kung nasan ang Nanay namin at kung ano ang trabaho, ganun ang naging sagot namin.

Nagalit noon ang mga tiyahin namin nang mabalitaan na ganoon namin sinagot ang tanong ng titser.

Simula pagkabata, kilala namin si Nanay bilang Nanay namin pero hindi namin sya lagi nakikita at nakakasama.

Minsan nalilimutan na namin ang itsura nya. Minsan nakita ko nal ang na may picture si Nanay sa ibabaw ng durabox namin. Mukang bata sya doon at payat. Maputi sya na maiksi ang buhok. Hindi ko na maalala kung ilang taon ako noong natandaan ko na ganoon pala ang itsura ng Nanay namin.

Laging kami lang magkapatid ang magkasama. Naalala ko na sabi nya isang beses na napadaan sa bahay at madali ding umalis na, "Magpakabait kayo ha? Malayo si Nanay kaya kayong magkapatid lang ang magtutulungan." Yun naman din ang laging payo ng mga tiyahin ko kaya hindi na yun bago sa kin. Hindi ko din naman masyadong minalaki yun, "dahil sino ba naman sya e lagi nya nga kaming iniiwan", ang mga katagang ito ang laging nasa isip ko nang mga panahong iyon.

Naalala ko din noon kapag pinapatulog nya kami, kinakanta nya yong "Tulog na bunso, ang iyong Ina ay nasa malayong bayan. Ang gawain nya ay di maiwan, para sa sambayanan. At kung malaki ka na at may isip na , ika'y susunod na rin ba?"

Naalala ko din na masayang-masaya kami noong buksan ang mga nakakahong package na dumating sa bahay. May lamang cupcake, Zest-o, Fudgee bar, mga pangkalinisan, mga bestida at mga sari-saring laruan. Iniisip namin noon kung nasa abroad ba si Nanay dahil madami sya laging padala. Pero minsan naman halos wala. Wala ding tawag sa telepono, halos hindi nga namin kilala ang boses nya.

Naalala ko din na hindi sya nakakadalo ng mga pamiting sa eskwelahan at kung graduation o recognition. Pero hindi ko na din masyadong dinibdib yun dahil bata pa ako at hindi ko pa alam kung paano ipoproseso ang mga tanong na bumabagabag sa aking isip.

Naalala ko nang pinuntahan nya kami sa bahay at isinasama kami. Ang sabi nya magbabakasyon daw kami. Ang pangako nya sa amin noon na pupunta daw kami ng Jollibee kasama si Tatay at oorder ng paborito naming ispageti. Syempre bata, kaya sumama kami. Sabi din kasi ni Lola na sya daw yung Nanay namin kaya okey lang na magbakasyon kami labas sa aming probinsya.

Makailang araw lang nasa ibang lugar na kami. Sobrang daming sasakyan. Madaming tao na hindi namin kilala. May mga bahay na matataas na parang abot -langit na. May mga taong bumabati sa min at nagsasabing "ah yan ang mga anak mo? Sana maging katulad mo din sila." Na hindi naman namin alam kung anong ibig sabihin noon. May mga tao din na nag-aalaga sa amin na hindi naman namin kilala basta iiwan lang kami doon ni Nanay tas hindi na namin alam kung anong oras nya kami babalikan basta iiwan nya lang kami ng pagkain at hindi na kami nagtatanong pa.

Isang araw, natupad na ang pangako. Pumunta kami ng Jollibee at kasama nya noon si Tatay. Hindi ko din naman alam kung bakit minsan lang din sumulpot si Tatay at sa bahay na pinagbabakasyunan namin ay wala namang kasamang asawa ang Nanay namin at parang kabute din ito kung magpakita.

Habang nasa Jollibee, umorder na kami ng paborito naming ispageti. Syempre dahil paborito namin, nilantakan na agad namin. Tapos umorder pa kami ng french fries at burger. Napansin ko na parang hindi kumakain noon sina Nanay at Tatay. Matama lang silang nakatingin sa aming magkapatid. Natandaan ko noon na inalok namin sila ng pagkain tapos sabi nila kung may matira kami yun na lang ang kanila.

Bigla ko tuloy naalala yung sinasabi ni Lolo na mamigay daw ng pagkain sa kapwa at wag maging madamot kasi daw hindi daw pagpapalain. Kaya ang ginawa namin ng kapatid ko, ibigay namin sa kanila ang ilang fries at yung burger tapos nagpatuloy na kami sa pagkain ng spaghetti.

Naalala ko din noon nang pumunta kami sa malamig na lugar na kung tawagin sa lungsod ay "mall" , pumasok kami sa isang tindahan ng mga libro. Mahilig kaming magkulay ng coloring book, kaya noong napadaan kami sa estante ng coloring book bigla kaming tumigil at tumingin, hinawakan ang libro na malaki. Sabay tumingin uli kami kay Nanay tapos lumampas na kami.

Nakasanayan kasi namin kay Lola na kahit may gusto kami pero hindi naman kailangan ay hindi nya binibili. Mahirap lang daw kami kaya kailangang pag-ibahin ang gusto sa kailangan. Kaya nilampasan namin ang gusto naming coloring book.

Hanggang sa palabas na kami ng tindahan, bigla kaming dumaan sa cashier at inilapag ni Nanay ang coloring book na hinawakan namin. Nag-uumapaw sa tuwa ang aming mga mata. Hindi namin akalain na bibilhin yun ni Nanay.

Mula noon lagi nya na kaming binibili ng coloring book, damit, pagkain at kahit anong gusto namin. Hindi naman namin pinansin kung saan sya kumukuha ng pambili ng mga yoon basta masaya lang kami na ang mga gusto namin ay naibibigay nya.

Naalala ko din noong ikalawang beses na isinama nya kami dahil bakasyon ulit. Pumunta kami sa lugar na madaming fishpond tapos parang itsurang gubat. May mga malalaking puno at may nag-iisang bahay sa gitna ng gubat na yoon. Pagdating namin sa lugar na yun, madaming bata. Madami ding mga kubo tapos may malaki silang kusina na nakabukod sa mga bahay. Sabi nung mga tao, "Kanlungan" daw yun. Nawili kami sa sinasabi nilang Kanlungan. Lagi na din kaming naglalaro kasama ng ibang mga bata. Hanggang sa bumili si Nanay ng ilang balot ng kendi. Binilang nya ito at pinamahagi ng tig-dadalawa ayon sa bilang kung ilan kaming mga bata. Tapos ang ginawa ko noon nanghingi pa ako sa kanya pero hindi nya ako binigyan. Natandaan kong sabi nya, "Hindi kayo pwedeng lumamang kahit anak ko kayo, madami pang mga bata ang kakain kaya okey na yan sa inyo". Tapos noon, bumalik na kami sa paglalaro na parang walang nangyari.

Kinagabihan, nagtanong ako kay Nanay

habang umiiyak. Ang sabi ko "bakit parang mas mahal mo pa yung ibang bata kesa sa min? Lagi mo silang kinakarga samantalang kami hindi, binigyan mo sila ng kendi e hindi mo naman sila anak." Tumatak ang ganitong tampo ko kay Nanay kaya nang matapos ang bakasyon namin hindi na ako umasa na may susunod pa doon.

Lagi naming iniisip ng kapatid ko na hindi kami mahal ni Nanay kasi palagi syang wala, hindi nya kami inaalagaan tapos mas madaming kendi ang ibinibigay nya sa ibang bata. Kaya parang nabalewala sa amin na may Nanay pala kami.

Hindi naman kasi kami nasanay na may tinatawag na "NANAY".

Basta ang alam ko ang nagdidisiplina, nanggigising sa umaga, nag-aasikaso ng aming pagpasok sa eskwelahan, naglilinis sa mga madudumi naming paa, naglalatag ng aming higaan, nagpapatulog sa amin, naglalaba ng aming mga damit, nagtuturo ng mga gawaing bahay, tumutulong sa aming assignment sa iskul at iba pang gawain ng isang Nanay ay hindi sya ang gumagampan.

Hanggang dumating ulit ang bakasyon, inihatid kami ni Tiya sa isang bahay na may dalawang palapag. Sementado ito at madami ding ibang tao bukod sa amin. Nadatnan namin doon si Tatay. Noon lang kami nakapunta kung saan tumutulog si Tatay, iniakyat nya kami sa pangalawang palapag. Hindi na namin itinanong kung nasaan noon si Nanay. Hanggang isang gabi bago kami matulog tumawag si Nanay sa telepono ni Tatay at kinausap kami. Ang naalala ko na sinabi nya noon, "Nasa malayo si Nanay, baka matagal pa ako bago makauwi. Hindi nyo ako makakasama sa bakasyon kaya dyan muna kayo kay Tatay. May pupuntahan akong importante. Magpakabait kayo ha? Mahal na mahal kayo ni Nanay".

Hindi ko alam ang mararamdaman sa gabing yoon. Ang biglang sagot ko sa kanya noon ay "Nasaan ka ba Nay? Pupunta kami dyan. Sasama kami sa yo nina Tatay." Sinasabi ko ito habang umiiyak na hindi ko alam kung bakit. Hanggang sa naputol na ang tawag at nakatulugan ko na ang pag-iyak.

Maya-maya dali-dali kaming ginising ni Tatay, hindi pa natatagalan na kami ay tulog. Ang sabi nya, "Dinukot daw si Nanay". Umiyak kami noon maski hindi namin alam kung ano ba ang nangyari. Nakita ko ding umiiyak si Tatay.

Hanggang sa kinaumagahan pumunta kami sa bahay na pinagdalahan sa min ni Nanay nung una naming nagbakasyon kasama sya. May mga umiiyak na tao. Ang narinig ko dun sa isang tao ay ipapasundo daw sina Lola at Lolo sa probinsya.

Hindi ko alam ang nangyayari. Bigla na lang sumakay kami ng barko tapos pagkababa namin bigla na lang nagkakagulo na sa tapat ng punerarya at madami nang mga nakabaril na nakaharang sa mga tao.

Nakita kong galit na galit si Tatay at umiiyak.

Ang sabi sa amin ay patay na daw si Nanay at pupuntahan namin. Sa morge, itinuturo ni Tatay na si Nanay daw yung nakahiga sa stainless na higaan.

Natatandaan kong sabi ko noon, "Paano magiging si Nanay yan e maganda ang Nanay ko." Pinipilit ko na hindi yun si Nanay pero ang sabi ni Tatay sya daw yun. Para maniwala daw kami ipapaayos daw yung mukha ni Nanay bago ilibing.

Sa tagpong iyon hindi ko malaman ang mararamdaman.

Hindi ko malaman kung maiiyak ba ako.

Hindi ko malaman bakit nangyari yun.

Hindi ko alam bakit patay na si Nanay.

Hanggang sa proseso ng aming paglaki at pagkakaroon ng isip. Saka ko lang napagtanto ang lahat.

Ang trabaho pala ni Nanay ay Human Rights Worker. Ang mga patay na hinuhukay nila ay yaong mga magsasaka na kinitlan ng karapatan sa buhay at lupa. Yaong mga lumalaban sa batas ng gobyerno.

Kaya pala hindi namin sya nakakasama kasi naroon sya sa malayong lugar para magprotekta sa karapatan ng mga inaapi. Malayo pala ang naabot ni Nanay para mag-organisa. Kaya pala pati paglaki namin ay di na nya nasubaybayan.

Alam ko na din na ang mga pinapadala nyang pagkain at kagamitan ay mula sa kanyang mga naging kaibigan at iniipon nya ito para maipadala sa amin.

Alam ko na din kung bakit ipinapahabilin nya kami sa ibang tao pag may pupuntahan sya. Panahon pala iyon ng rally at dinedespers na sila ng mga pulis kaya nasa sasakyan lang kami para doon maghintay sa pagbalik nya.

Alam ko na din kung bakit binibili nya ang mga gamit na gusto namin dahil sa paraang ganoon nalang sya nakakabawi ng pagkalinga sa amin at pagpaparamdam na Nanay namin sya.

Alam ko na din kung bakit hindi sila bumili ng pagkain ni Tatay sa Jollibee dahil nagtitipid sila para may maipadala pang pera pag-uwi namin ng probinsya para sa pag aaral.

Alam ko na din na wala silang sweldo sa trabaho nila. Nagtatrabaho kasi si Nanay para sa magsasaka, manggagawa at iba pang aping uri. Kaya wala silang perang aasahan tuwing kinsenas.

At alam ko na din kung bakit hindi nya kami binigyan ng sobrang kendi dahil kailangang pantay-pantay ang bawat isa. Alam ko na din kung bakit inaalagaan ni Nanay yung ibang bata kasi wala silang Nanay kung saan noon ay meron kami. At kung bakit lagi nya kaming sinasabihan na ubusin ang pagkain namin kasi madaming bata pala ang nagugutom at walang makain.

At higit sa lahat alam ko na kung bakit yung kantang yun ang lagi nyang kinakanta sa tuwing pinapatulog kami. Nais nya palang magbilin na sumunod kami sa yapak nya. Napakatalino ni Nanay sa paraan kung paano nya maipaparamdam sa amin na mahal nya kami kahit sa panahong hindi namin sya nakakasama.

Napakagaling kung paano nya kami tinuruang mamulat sa kalagayan ng lipunan miski buhay nya ang nakataya.

Ang lahat ng alaala kong ito sa aking magiting na Nanay ay dala-dala kong inspirasyon sa bawat araw na kahaharapin sa gitna ng saya, lungkot, krisis at kamatayan.

Kaya ngayon, handa kaming sumunod sa yapak mo, Nanay. Asahan mong pagyayabungin namin ang punlang iyong itinanim. Hayaan mong hanggang sa pinakamataas na antas ng pakikibaka, igaganti namin ang lahat ng mga magsasakang hinukay mo, ang mga katutubo na kinalinga mo, at ang lahat ng Nanay na nawalay sa mga anak para maglingkod sa bayan.

Ngayon alam ko na at naiintindihan ko kung bakit di ka namin nakasama. Saludo ako sa 'yo Nanay, tunay kang bayani ng sambayanan!

## 50 Taon ng Paglilingkod sa Sambayanan!



# Rebolusyon Hindi Eleksyon!

1968-2018
PKP-MLM

- ✓ Ipinagtatanggol ang mga Inaapi
- ✓ Pinaparusahan ang mga Kriminal
- ✓ Tapat sa Peace Talks

**Ka Cleo del Mundo**
**Tagapagsalita ng Apolonio Mendoza Command**
**New People's Army - Quezon Province**

f cleodelmundo

**Partido Komunista ng Pilipinas**
**Marxismo-Leninismo-Maoismo**

**New People's Army**

**National Democratic Front of the Philippines**

## Alam n'yo ga?

Sa panahon ng matinding tag-init, numinipis ang laman ng niyog o "coconut meat" na nagreresulta rin ng pagkabansot o hindi na paglaki ng niyog. Ang laman ng niyog ay ang kinokopra ng mga maglulukad. Dahil sa pagnipis ng laman nito, gumagaan ang timbang ng kopra. Ang 100 kabuo ay mayrong normal na 27-30 kilo na timbang subalit dahil sa tagtuyot, magiging 20-24 kilo na lamang ito.




Pagdiriwang ng ika-50 anibersaryo ng New People's Army sa pangunguna ni Ka Cleo del Mundo.